

**Kagawaran ng Edukasyon**  
**Araling**  
**Panlipunan 10**  
**Mga Epekto ng Globalisasyon**  
**Ikalawang Markahan – Ikawalong Linggo**



Hyna Chrisjune B. Arrofo

Jayson B. Vibora

John Clark G. Lumaban

***Manunulat***

Mark Joseph Fernandez

***Tagasuri***

Edwin Abalos

Mark Joseph Fernandez

Mariel Eugene L. Luna

***Katibayan ng Kalidad***



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Ang Globalisasyon ay nagbunsod sa atin ng iba't ibang uri ng pagbabago sa pamahalaan, ekonomiya at maging sa kultura. Ang mga pagbabagong ito ay mayroong Mabuti at hindi mabuting naging implikasyon sa isang pamayanan o bansa. Ang mga pagbabagong ito ang magiging nilalaman ng modyul na ito. Ang makapag bahagi ng sariling saloobin ang isa sa pinaka mahalagang elemento ng pag-aaral sa paksa na ito. Kinakailangan ng mabusising pag-aaral, pagbabasa sa mga ulat at datos upang mas lalaong mahasa ang inyong isipan sa mga epekto ng globalisasyon.

Ang Modyul na ito ay nakasentro sa paksa ng epekto ng Globalisasyon Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagsusuri ng mga epekto ng globalisasyon
2. Mapahahalagahan ang saloobin tungkol sa epekto ng globalisasyon



## UNANG PAGESUBOK

Ang pag-aaral ng epekto ng globalisasyon ay isang malawak na usapin sa daigdig. Ito ay bumubuo sa mga pagbabago na ating tinatamasa o bahagi ng isang kultura sa kasalukuyan. Kaya't kinakailangan subukin ang inyong nalalaman sa pagbibigay ng kahulugan sa ilang mga salita o konsepto ng globalisasyon. Basahing maigi ang mga sumusunod na mga katanungan at bilugan ang wastong kasagutan.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagbigay daan sa lubusang paglaganap ng Globalisasyon?
  - A. Paglakas ng teknolohiya at komunikasyon
  - B. Impluwensya ng mga lider ng mga bansa sa daigdig
  - C. Kawalan ng maayos na hanapbuhay at pinagkukunang yaman
  - D. Edukasyon sa mga bansa-nasyon sa daigdig
2. Ang sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng depinisyon ng Globalisasyon maliban sa isa
  - A. Pagpapatatag ng koneksyon ng mga bansa
  - B. Pagpapanatili ng sariling Identidad ng kultura sa bansa
  - C. Pagpapalawak ng komersyo at kalakalan sa mga bansa
  - D. Katatagan ng mga bansang magka-alyado bunsod ng Globalisasyon
3. Piliin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng Epekto ng Globalisasyon sa Politika
  - A. Paglawak ng koneksyong diplomatiko ng mga bansa sa daigdig
  - B. Paggamit ng mga produkto o komersyo ng ibang bansa
  - C. Paglaganap at pagtangkilik sa awitin o kanta ng banyaga
  - D. Lahat ay tama
4. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng positibong epekto ng Globalisasyon?
  - A. Pagkabura ng sariling kultura o pagkakakilanlan ng isang bansa
  - B. Pagpapabilis ng transportasyon at kalakalan sa loob ng isang bansa
  - C. Paglakas ng mga Negosyo na pagmamay-ari ng banyaga
  - D. Wala sa nabanggit

5. Alin sa sumusunod na pahayag ang lubos na nagpapakita na ang Globalisasyon ay isyung panlipunan?
  - A. Dahil sa nalulugi ang lokal na mamumuhunan
  - B. Dahil sa nagiging pamantayan ang wikang Ingles
  - C. Dahil sa kahirapan dulot ng paglaki ng agwat ng mayaman at mahirap.
  - D. Dahil sa tuwiran at direkta nitong binago, patuloy na binabago at hinahamon ang pamumuhay ng mga perennial institutions na matagal ng naitatag.
  
6. Ang sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng Globalisasyong Kultural Maliban sa
  - A. Binago ang pamumuhay at sitwasyon sa loob ng lipunan
  - B. Labis na pagtangkilik at pagmamahal sa konsepto ng pamayanan ng banyaga
  - C. Pagkabura ng tradisyon at pagkakakilanlan ng produkto ng isang bansa
  - D. Pagpasok ng mga dayuhang Negosyo na nagbubunsod ng pagkalugi ng ilang local na mamumuhunan
  
7. Paano nakaaapekto ang globalisasyon sa politika?
  - A. Pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay
  - B. Pagkakaroon ng maraming pagpipiliang produkto na galing sa ibang bansa
  - C. Pagkakaroon ng sistematikong ugnayan sa pagitan ng mga bansa, pandaigdigang samahan at maging ng mga non-governmental organization. (NGO)
  - D. Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.
  
8. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pinaka malalang epekto ng Globalisasyong Ekonomikal
  - A. Pagkalugi at pagsasara ng local na Negosyo dahil sa pagpasok ng imported na produkto
  - B. Pagpasok ng mga banyagang mamumuhunan sa bansa
  - C. Pagbaba ng halaga ng mga produkto dahil sa kompetensya mula sa mga banyagang Negosyo
  - D. Lahat ay tama
  
9. Paano nakaaapekto ang globalisasyon sa kultura?
  - A. Pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay
  - B. Pagkakaroon ng maraming pagpipiliang produkto na galing sa ibang bansa
  - C. Pagkakaroon ng sistematikong ugnayan sa pagitan ng mga bansa, pandaigdigang samahan at maging ng mga non-governmental organization. (NGO)
  - D. Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.
  
10. Alin sa uri ng globalisasyon ang tumutukoy sa higit na napalaganap ang wikang English bilang pamamaraan ng komunikasyon sa mga transaksyon sa kalakalan, pamahalaan, diplomatikong ugnayan sa pagitan ng mga estado, instruksiyon sa mga paaralan at mga akdang nailathala sa maraming bansa sa daigdig?
 


A. Globalisasyong Ekonomiko	C. Globalisasyong Panlipunan
B. Globalisasyong Kultural	D. Globalisasyong Politikal

11. Ano ang pinaka angkop na kahulugan kung bakit ang Globalisasyon ay kabilang sa isyung panlipunan
  - A. Sapaglat saklaw ng globalisasyon ang ating pamumuhay sa kasalukuyan
  - B. Ito ay kabilang sa kinakailangang pagaralan sapagkat ito'y napapanahon
  - C. Ang globalisasyon ay nasa lahat ng aspeto ng politika, kultura at ekonomiya na mayroong direkta at hindi direktang epekto sa atin
  - D. Lahat ng nabanggit ay tama
12. Papaano maituturing na Masama na ang epekto ng Globalisasyon sa Ekonomiya?
  - A. Kapag lumalawak ang negosyong local
  - B. Kapag nalulugi o nagsasara ang local na Negosyo na hatid ng foreign business
  - A. Kapag tumataas ang presyo ng mga produkto sa mercado
  - B. Ang mga tao ay tumatangkilik na ng sariling produkto
13. Alin sa sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng positibong epekto ng globalisasyon sa lipunan?
  - A. Nagkakaroon ng pag tangkilik sa musika at awitin ng banyaga
  - B. Kapag ang mga tao ay nasisiyahan sa mga makabagong teknolohiya dala ng globalisasyon
  - C. Kapag napabibilis ang transportasyon at kalakalan sa lipunan dala ng makabagong transportasyon
  - D. Lahat ng nabanggit ay wasto
14. Ang matibay na diplomasya sa pagitan ng mga bansa ay nagpapakita ng anong uri ng epekto ng Globalisasyon?
  - A. Ekonomikal
  - B. Lipunan
  - C. Politika
  - D. Kultural
15. Ang pagwawalang-bahala sa tradisyon at sariling pagkakakilanlan ay nagpapakita ng anong uri ng epekto ng globalisasyon?
  - A. Ekonomikal
  - B. Lipunan
  - C. Politika
  - D. Kultural



### Ideya Map!

**Panuto:** Punan ng wastong kasagutan ang diagram sa ibaba at magbigay ng halimbawa sa bawat pangkat na kinabibilangan nito.



<https://docs.google.com/document/d/13tePVr-kRn0JuLK77cGFx2S3QnP9dPkIngcIYaKNI0/edit>



## MGA EPEKTO NG GLOBALISASYON

- **Epekto ng Globalisasyon sa Ekonomiya**
  - Mas umuunlad dahil sa kalakalan ng iba't-ibang bansa
  - Pagkakaroon ng malayang daloy ng kalakalan
  - Paglaki ng bilang ng oportunidad sa loob at labas ng bansa
  - Malawak at malayang paghahanap ng trabaho ng mga tao
  - Mga pandaigdigang merkado at kumpetisyon na kung saan ay humahantong sa mga produktong mayroong mataas na kalidad. Ang mas pinabuting kalidad ng serbisyo at produkto ay nakabatay sa mga pamamaraan o diskarte sa produksyon ng mga pangangailangan at serbisyo para sa mga konsumer.
  - Pagkakaroon ng mga environmental issues tulad na lamang ng Climate Change, Global Warming at iba pa. Ito ay dulot ng pagtaas ng produksyon na nangangailangan ng paggamit ng likas na yaman. Bukod sa nadadagdagan ang mga resulta ng kalakalan sa pagtaas ng transportasyon na gumagamit ng mga fossil fuel at bilang resulta, nadadagdagan ang polusyon na humahantong sa pagbabago ng klima.
  - Kahirapan dulot ng paglaki ng agwat ng mayaman at mahirap.
  
- **Epekto ng Globalisasyon sa Kultura**
  - Unti-unting napapawalang-bahala na ang kultura dahil sa mga makabagong teknolohiya na nakakaagaw ng atensiyon ng marami sa mga Pilipino.
  - Paglawak ng sakop ng wika, kultura, paniniwala at iba pa.
  - Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.
  - Mulat at pagyakap sa iba't-ibang kultura na nagdudulot ng kuryosidad at malawak nap ag-aaral na kung saan nagiging impluwensya sa pamamaraan ng pamumuhay. Nagiging dahilan rin ito ng patuloy na paglago ng turismo sa bawat bansa.
  
- **Epekto ng Globalisasyon sa Politika**
  - Maaaring magdulot ng mga alitan dahil sa hindi pagkakaunawaan sa loob at labas ng bansa at maaari ring magbigay-daaan ang globalisasyon upang mapabuti ang pakikipagkaibigan ng mga namumuno sa iba't-ibang bansa.
  - Pagkakaroon ng madaling/mabilis na ugnayan ng iba't-ibang bansa, mga samahan at organisasyon sa buong bansa. Dulot nito ay ang pagkakaroon ng mga malalaki at maliliit na pag-uusap sa pagitan ng mga pinuno ng iba't ibang bansa ukol sa mga usaping Pambansa tulad ng usaping pang-ekonomiya, krisis tulad ng terorismo o pandemya, turismo, pangkapayaapaan, pangkalusugan at marami pang iba.
  - Pagtanggap ng tulong mula sa mga developing countries mula sa mga developed countries. Dahil sa globalisasyon, mas umiigting ang koneksyon sa mga developed countries tulad na lamang ng bansang Pilipinas, kung saan napapabilis ang pagpapadala ng tulong sa bansa

tulad na lamang ng calamity assistance sa tuwing nakakaranas ng sakuna ang bansa.

• **Epekto ng Globalisasyon sa Lipunan**




- Kaunti na lamang ang interaksyon ng mga tao dahil nakatuon na sila sa mga gadgets.
- Makakuha ng mabilis na impormasyon sa pamamagitan ng internet
- Kaunti na lamang ang interaksyon ng mga tao dahil nakatuon na sila sa mga gadgets.
- Napapabuti ang kalidad ng buhay at nagdudulot ng mataas na pamantayan ng pamumuhay.



**GAWAIN**

**GLOBAL-EPEK, TUKOY KO!**

**Panuto:** Mula sa hanay ng mga larawan sa ibaba, tukuyin kung sa anong epekto ng globalisasyon nabibilang ang mga ito at ipaliwanag.

<b>LARAWAN</b>	<b>URI NG EPEKTO NG GLOBALISASYON</b>	<b>PANGANGATWIRAN</b>
 <p><a href="https://aminoapps.com/c/k-drama/page/blog/me-watching-kdrama-be-like/aVls_0uQ2jg3EpW2kDNdVbQVRZKga">https://aminoapps.com/c/k-drama/page/blog/me-watching-kdrama-be-like/aVls_0uQ2jg3EpW2kDNdVbQVRZKga</a></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Epekto ng globalisasyon sa ekonomiya</li> <li>• Epekto ng globalisasyon sa kultura</li> <li>• Epekto ng globalisasyon sa politika</li> </ul>	
 <p><a href="https://que dank.com/blog/drama/16-sad-ofw-stories/">https://que dank.com/blog/drama/16-sad-ofw-stories/</a></p>		
 <p><a href="https://www.nytimes.com/2017/11/13/world/asia/trump-duterte-philippines.html">https://www.nytimes.com/2017/11/13/world/asia/trump-duterte-philippines.html</a></p>		

		
<p><a href="https://awesome.blog/2020/05/sangyupsal-at-home.html">https://awesome.blog/2020/05/sangyupsal-at-home.html</a></p>		
		
<p><a href="https://coconuts.co/manila/news/more-fun-ph-slogan-soon-be-history/">https://coconuts.co/manila/news/more-fun-ph-slogan-soon-be-history/</a></p>		



- Ang epekto ng globalisasyon sa ekonomiya ay ang pagkakaroon ng mas maunlad na kalakalan ng iba't-ibang bansa. Pagkakaroon ng malayang daloy ng kalakalan, paglaki ng bilang ng oportunidad sa loob at labas ng bansa, malawak at malayang paghahanap ng trabaho ng mga tao.
- Ang epekto ng globalisasyon sa ekonomiya ay ang mga pandaigdigang merkado at kumpetisyon na kung saan ay humahantong sa mga produktong mayroong mataas na kalidad. Ang mas pinabuting kalidad ng serbisyo at produkto ay nakabatay sa mga pamamaraan o diskarte sa produksyon ng mga pangangailangan at serbisyo para sa mga consumer at pagkakaroon ng mga environmental issues tulad na lamang ng climate change, global warming at iba pa.
- Ang epekto ng globalisasyon sa kultura ay unti-unting napapawalang bahala na ang kultura dahil sa mga makabagong teknolohiya na nakakaagaw ng atensiyon ng marami sa mga Pilipino, paglawak ng sakop ng wika, kultura, paniniwala at pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.
- Ang epekto ng globalisasyon sa politika ay maaaring magdulot ng mga alitan dahil sa hindi pagkakaunawaan sa loob at labas ng bansa at maaari ring magbigay-daan ang globalisasyon upang mapabuti ang pakikipagkaibigan ng mga namumuno sa iba't-ibang bansa.
- Epekto din ng globalisasyon sa politika ang pagkakaroon ng madali o mabilis na ugnayan ng iba't-ibang bansa, mga samahan at organisasyon sa buong bansa at pagtanggap ng tulong mula sa mga developing countries mula sa mga developed countries. Dahil sa globalisasyon, mas umiigting ang koneksyon sa mga developed countries tulad na lamang ng bansang Pilipinas, kung saan napapabilis ang pagpapadala ng tulong sa bansa.

- Ang epekto ng globalisasyon sa lipunan ay napapabuti ang kalidad ng pamumuhay sa pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay ng tao at makakakuha ng mabilis na impormasyon sa pamamagitan ng internet ngunit naging dahilan ito ng kawalan ng interaksyon ng mga tao dahil nakatuon na sila sa mga gadgets.



**PAG-ALAM SA  
NATUTUHAN**

### **THINK AND SPEAK GLOBAL**

**Panuto:** Sumulat ng isang *Spoken Poetry* tungkol sa epekto ng globalisasyon sa ating kultura. Bumuo ng tatlo o higit pang sakinong. Ito ay bibigyang grado batay sa rubriks sa ibaba.



Pamantayan	Deskripsyon	Puntos	Natamong puntos
<b>Nilalaman</b>	Angkop sa paksa ang nilalaman. Nakapagbigay ng wastong halimbawa at naipaliwanag ng maayos ang mga punto ng akda.	10	
<b>Orihinalidad</b>	Nakapagpapakita ng sariling kaisapan at opinion sa paksa.	10	
<b>Pagkamalikhain</b>	Natatangi ang konsepto ng may akda.	5	
<b>KABUUAN</b>		<b>25</b>	



**PANG-WAKAS NA  
PAGSUSULIT**

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **EK** kung epektong pangkultural, **EE** kung epektong pang ekonomiya, **EL** kung epektong panlipunan at **EP** kung epektong pampolitikal.

- \_\_\_\_\_ 1. Napabubuti ang kalidad ng pamumuhay ng mga tao sa lipunan.
- \_\_\_\_\_ 2. Napapadali ang ugnayan ng mga bansa sa daigdig.
- \_\_\_\_\_ 3. Pagkakaroon ng bukas at maunlad na kalakalan ang mga bansa.
- \_\_\_\_\_ 4. Nagkakaroon ng alitan at alyansa ang bansa sa daigdig.
- \_\_\_\_\_ 5. Naisasawalang bahala ang mga tradisyon ng isang bansa dahil sa teknolohiya.
- \_\_\_\_\_ 6. Napabibilis ang pagkuha ng impormasyon at balita ng mga tao sa lipunan.
- \_\_\_\_\_ 7. Umiigting ang kompetisyon sa Negosyo at produkto ng mga bansa sa daigdig.
- \_\_\_\_\_ 8. Pagtaas ng bilang ng migrasyon dahil sa kaantasan ng buhay sa isang bansa.
- \_\_\_\_\_ 9. Lumalawak at umuunlad ang trabaho ng mga tao.
- \_\_\_\_\_ 10. Napabibilis ang pagpapautang ng mga bansa sa kapwa bansa.
- \_\_\_\_\_ 11. Nagkakasundo ang mga bansa pagtatag ng mga samahan.
- \_\_\_\_\_ 12. Nalulugi ang lokal na mga namumuhunan dahil sa foreign competitors.
- \_\_\_\_\_ 13. Bumababa ang pagtingin sa sariling musika at awitin dahil sa pagka-aliw sa mga banyagang mang aawit.
- \_\_\_\_\_ 14. Gumagaang ang pamumuhay ng mga tao dahil sa mga makabagong diskubreng teknolohiya.

\_\_\_\_\_15. Nagkakaroon ng mahusay na ugnayan at samahan ang mga bansa para sa iisang interes.

**Sanggunian:**

“Globalisasyon.” Google Docs. Google. Accessed September 4, 2020. <https://docs.google.com/document/d/13tePVr-kRn0JuLK77cGFx2S3QnP9dPkIngicIYaKN10/edit>.  
Mori, Okuri. “Me Watching Kdrama Be like;: K-Drama Amino.” K-Drama | aminoapps.com. AminoApps, April 16, 2018.

[https://aminoapps.com/c/k-drama/page/blog/me-watching-kdrama-be-like/aVLs\\_0uQ2jg3EpW2kDNdVbQVRZKgal](https://aminoapps.com/c/k-drama/page/blog/me-watching-kdrama-be-like/aVLs_0uQ2jg3EpW2kDNdVbQVRZKgal). Tardecilla, Kyla Marie. “16 Sad OFW Stories.” Quedank, September 4, 2018.

<https://quedank.com/blog/drama/16-sad-ofw-stories/>. Davis, Julie Hirschfeld. “Trump Lauds 'Great Relationship' With Duterte in Manila.” The New York Times. The New York Times, November 13, 2017.

<https://www.nytimes.com/2017/11/13/world/asia/trump-duterte-philippines.html>.  
avellana, Abigail, and Jose Sacramento says: “SAMGYUPSAL DELIVERY: Enjoy Your Fave K-BBQ at Home!” Awesome!, August 6, 2020.

<https://awesome.blog/2020/05/sangyupsal-at-home.html>. CoconutsManila. “More Fun in the PH' Slogan Soon to Be History: Coconuts Manila.” Coconuts, September 5, 2016. <https://coconuts.co/manila/news/more-fun-ph-slogan-soon-be-history/>.

1)EL,2)EP, 3)ER,4)EP, 5)EK , 6)E, 7)ER, 8)EL, 9)ER, 10)EP, 11)EP, 12)ER, 13)EK, 14)EL, 15)EP

**Pangwakas na Pagsusult**

1)A, 2)B, 3)A, 4)B, 5)D, 6)D,7)C , 8)D, 9)D, 10)B, 11)C, 12)B, 13)C, 14)C, 15)D

**Unang Pagsubok**

**Susi sa Pagwasto**